PAANO BUMOTO NG PRESIDENTE

Nakarehistro para Bumoto na Walang Kagustuhan sa Partido/Walang Partido?

Bilang botante na tumangging magbigay ng kagustuhan sa partidong pampulitika, o nagparehistro ka sa isang hindi kilala o hindi kwalipikadong partidong pampulitika, itituring kang botanteng “Walang Kagustuhan sa Partido” (No Party Preference, NPP), at **hindi magkakaroon ng mga kandidato sa pagkapresidente ang iyong balota sa pangunahing halalan.**

Kung gusto mong bumoto para sa Pagkapresidente ng U.S., dapat kang humiling ng balota kasama ang mga kandidato sa pagkapresidente mula sa isa sa mga sumusunod na partido:

- Partido ng Malayang Amerikano
- Partidong Demokratiko
- Partido Liberalismo

Kung gusto mong bumoto para sa mga kandidato sa pagkapresidente ng partidong Luntian, Kapayapaan at Kalayaan, o Republikano, dapat kang muling magparehistro sa partikular na partidong iyon.

Nakarehistro para Bumoto na may Kwalipikadong Partidong Pampulitika?

Kung nagparehistro ka sa alinman sa mga sumusunod na kwalipikadong partidong pampulitika, maaari ka lang bumoto para sa mga kandidato sa pagkapresidente ng partidong iyon:

- Partido ng Malayang Amerikano
- Partidong Demokratiko
- Partidong Luntian
- Partido Liberalismo
- Partidong Kapayapaan at Kalayaan
- Partidong Republikano

Kung gusto mong bumoto ng kandidato sa pagkapangulo ng ibang partido, dapat kang muling magparehistro sa partikular na partidong iyon.

Magtanong sa manggagawa sa botohan para sa karagdagang impormasyon.